

PrEP

Kilala rin bilang pre exposure prophylaxis

Ang PrEP ay gamot na ginagamit para maiwasan ang HIV.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Angkop sa iyo ang PrEP kung mayroon kang mataas na panganib na magkaroon ng impeksyon na HIV
- Ang PrEP ay lubhang mabisa sa pag-iwas sa HIV kapag tuloy-tuloy na ininom araw-araw o kung kinakailangan batay sa payo ng iyong doktor
- Maaaring ireseta ng sinumang GP ang PrEP
- Kailangan mong magkaroon ng regular na appointment sa iyong doktor kapag nagsimula ka na sa PrEP

Ano ito? (What is this?)

Ang PrEP ay isang tableta na iniinom ng mga taong nasa panganib na magkaroon ng HIV. Pinapababa ng PrEP ang panganib na magkaroon ng HIV nang hanggang 99%.

Angkop sa iyo ang PrEP kung mayroon kang mataas na panganib na magkaroon ng impeksyon na HIV. Halimbawa:

- kung isa kang lalaki na nakikipagtalik sa kapwa lalaki nang hindi gumagamit ng condom
- kiung mayroon kang sekwal na kapareha na may impeksyon sa HIV at hindi nagpapagamot, o may mataas na panganib na magkaroon ng HIV

Saklaw ba ng Medicare ang PrEP? (Is PrEP covered under Medicare?)

Oo, saklaw ito. Maraming permanenteng dose na kombinasyon ng mga gamot na naglalaman ng tenofovir disoproxil ang kasalukuyang nakalista sa Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS) ng Medicare para gamitin bilang PrEP para sa mga taong mayroong may bisang Medicare card sa Australia.

Kung mayroon kang Medicare card at wastong reseta, nangangahulugan ito na makakabili ka ng mga PrEP na gamot sa mas murang halaga sa mga retail na botika sa Australia.

Kung wala kang Medicare card, tingnan ang Pan para sa impormasyon tungkol sa pag-access sa PrEP, kabilang ang pagbili ng PrEP na gamot online.

Mabisa ba ang PrEP? (Is PrEP effective?)

Ang PrEP ay lubhang mabisa sa pag-iwas sa HIV kapag tuloy-tuloy na ininom araw-araw o kung kinakailangan batay sa payo ng iyong doktor.

Ligtas ba ang PrEP? Ano ang mga side effect? (Is PrEP safe? What are the side effects?)

Ilang tao ang nakararanas ng mga side effect tulad ng pagkahilo, pagkawala ng gana at pananakit ng ulo. Karaniwang banayad ang mga side effect na ito at nawawala rin sa loob unang buwan. Kung nag-aalala ka sa mga side effect na hindi nawawala, pumunta sa iyong doktor.

Maliit na bahagdan ng mga taong umiinom ng PrEP ang nagkaroon ng pinsala sa bato, kaya napakahalagang magpasuri ka sa bato kada tatlong buwan kapag umiinom ka ng PrEP.

Paano ako makakakuha ng PrEP? (How do I get PrEP?)

Maaaring ireseta ng sinumang GP ang PrEP. Makakahanap ka ng doktor na magbibigay ng reseta sa inyong lugar sa PAN.

Kung malamang na makinabang ka sa pag-inom ng PrEP, isasaayos ng iyong doktor ang mga pagsusuri sa dugo para suriin ang paggana ng iyong bato at atay, dagdag pa sa pagsusuri sa HIV.

Sa sandaling matugunan mo ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado at gustong simulan ang PrEP, maaaring sumulat ng reseta ang iyong doktor. Kung mayroon kang Medicare card, makakabili ka ng mga PrEP na gamot sa mas murang halaga sa mga retail na botika sa Australia. Gayunpaman, maaaring kailanganin ng ilang botika na mag-orger ng mga gamot, na maaaring tumagal ng ilang araw.



Alamin pa kung paano at saan makakakuha ng PrEP sa:

- **PAN** (pan.org.au)
- **Alfred Health: Victorian PrEP Service** (alfredhealth.org.au/services/victorian-prep-service)

Ano ang mangyayari sa sandaling magsimula ako ng PrEP? (What happens once I start PrEP?)

Kailangan mong magkaroon ng regular na appointment sa iyong doktor kapag nagsimula ka na sa PrEP.

Kakailanganin mong magpasuri ng dugo para sa HIV at iba pang pagsusuri para malaman kung maayos na tumutugon ang iyong katawan sa mga gamot. Makakatanggap ka rin ng impormasyon sa kung paano mapapababa ang panganib na makakuha ng HIV.

Kailangan mong inumin ang gamot araw-araw ayon sa inireseta, at papayuhan ka ng iyong doktor tungkol sa mga paraan para tulungan kang maalala na regular itong inumin.

Ipaalam sa iyong doktor kung nagkakaroon ka ng problemang maalala na inumin ang iyong mga gamot o kung gusto mo nang itigil ang PrEP.



Alamin ang iba't ibang paraan para inumin ang PrEP sa **PAN** (pan.org.au)

Pinoprotektahan ba ako ng PrEP mula sa iba pang STI? (Does PrEP protect me from other STIs?)

Hindi, hindi ka pinoprotektahan ng PrEP laban sa iba pang STI tulad ng syphilis o gonorrhea.

Kung nagsimula ka nang uminom ng PrEP, mahalagang magkaroon ka ng regular na pagpapsuri sa STI kahit pa wala kang sintomas.

Gaano katagal ko kailangang uminom ng PrEP? (How long do I need to be on PrEP?)

Kailangan mo itong talakayin sa iyong doktor.

Maraming dahilan kung bakit tumitigil ang mga tao sa pag-inom ng PrEP:

- Kung bumaba ang iyong panganib na magkaroon ng mga impeksyon sa HIV dahil sa mga pagbabagong naganap sa iyong buhay, maaaring gusto mo nang itigil ang pag-inom ng PrEP.
- Kung naisip mong ayaw mong uminom ng mga gamot araw-araw o madalas mong nakakalimutang inumon ang iyong mga gamot, maaaring mas makakabuti sa iyo ang iba pang paraan ng pagproteka sa iyong sarili laban sa impeksyon sa HIV.
- Kung mayroon kang mga side effect mula sa mga gamot na nakakasagabal sa iyong buhay, maaaring gusto mo nang itigil ang pag-inom ng PrEP.
- Kung ipinakita ng mga pagsusuri sa dugo na tumutugon sa PrEP ang iyong katawan sa mga hindi ligtas na paraan, maaaring itigil ng iyong doktor ang pagbibigay sa iyo ng reseta para sa PrEP.

Mayroon bang anumang alternatibo sa PrEP? (Are there any alternatives to PrEP?)

Depende sa mga iyong mga salik ng panganib, maaaring mas angkop sa iyo ang iba pang paraan sa pag-iwas sa HIV tulad ng PEP o iba pang estratehiya sa ligtas na pakikipagtalik.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.